Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Bayan ng Baliwag

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY SA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BALIWAG, BULAKAN NA GINANAP NOONG IKA-17 NG PEBRERO 2014 SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN.

Mga Dumalo:

Kgg.Christopher F. Clemente.....Pangalawang Punong Bayan/ Tagapangulo,SB
Kgg. Jose Noel S. Pascual.....Kasangguni
Kgg. Andronicus O. Cruz.....Kasangguni
Kgg. Wilfredo A. Lapira..... Kasangguni
Kgg. Emmanuel T. Balicanta..... Kasangguni
Kgg. Marie Claudette P. Quimpo..... Kasangguni
Kgg. Lee Edward V. Nicolas..... Kasangguni
Kgg. Dionisio O. Agtarap..... Kasangguni
Kgg. Generoso S. Ligon..... Kasangguni
Kgg. Ferdinand V. Estrella..... ..... ABC-President

Lahat Dumalo:

-o0o-

KAPASIYAHAN BLG. 15
Taong 2014

ISANG KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA BALIWAG TOURISM COUNCIL, SA PAMUMUNO NG PUNONG BAYAN, KGG. CAROLINA L. DELLOSA,MD NA ISAILALIM ANG PAGDIRIWANG NG BUNTAL HAT FESTIVAL SA MGA PETSANG TUMUTUKOY SA PAGTATATAG NG BALIWAG BILANG ISANG BAYAN

SAPAGKAT, nakasalalay sa nakalipas ang kinabukasan ng isang bayan at kung saan ito patutungo;

SAPAGKAT, ang paglingon sa pinanggalingan ay isang mabisang hakbang upang tayo'y tiyak na makarating sa ating paroroonan;

SAPAGKAT, ang ating mahal na bayang Baliwag ay itinayo noong taong 1733 sa tulong at kagandahang loob ng mga namayapang mga Pinuno at masunuring mga mamamayan;

SAPAGKAT, nais ng pamunuan ng Baliwag Tourism Development Council na pag-isahin ang mga petsang tumutukoy sa pagtatatag ng Baliwag bilang isang bayan at ang araw ng pagdiriwang ng pista ng Sumbalelong Buntal dahil

SAPAGKAT, labis ang ating pagnanasang halungkatin ang istorya ng ating nakaraan at ilantad sa lahat lalong-lalo na sa mga kabataan ang talent, kasipagan, kalinisan ng kalooban, kabanalan at takot sa Diyos ng yumao nating mga Pinuno.

Kung kaya't sa MUNGKAHI ni Kas. Emmanuel T. Balicanta at pinangalawahan ni Kas. Marie Claudette P. Quimpo.

IPINASIYA gaya ng dito'y ipinasisiya na pagtibayin ang isang kapasiyahan na nagbibigay kapangyarihan sa Baliwag Tourism Development Council, sa pamumuno ng Punong Bayan, Kgg. Carolina L. Dellosa, MD na isailalim ang pagdiriwang ng Buntal Hat Festival sa mga petsang tumutukoy sa pagtatatag ng Baliwag bilang isang bayan.

IPINASIYA pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY.

==========

Pinatutunayan ko ang kawastuan ng pagkakasalin ng kapasiyahang ito.

JOSE ADOR D. CRUZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Pinagtibay:

CHRISTOHER F. CLEMENTE
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo,SB

Pinagtitibay:

CAROLINA L. DELLOSA,MD
Punong Bayan